競爭事務委員會
COMPETITION
COMMISSION

香港黃竹坑黃竹坑道 8 號 South Island Place 19 樓
19/F, South Island Place, 8 Wong Chuk Hang Road,
Wong Chuk Hang, HONG KONG
T: +852 3462 2118 F: +852 2522 4997
Website: www.compcomm.hk

Umiiral at mga planong hakbang sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng mga lahi

Komisyon ng Kompetisyon

Ang Komisyon ng Kompetisyon (ang Komisyon) ay isang independiyenteng katawan ng batas na itinatag sa ilalim ng Ordinansa ng Kompetisyon (Cap. 619) (ang Ordinansa). Tungkulin ng Komisyon na itaguyod ang isang mapagkumpitensyang lipunan na naaangkop sa malayang daloy ng kalakalan, kahusayan at inobasyon, kung kaya't nagdadala ng mas maraming mga pagpipilian at mas mahusay na kalidad at presyo ng mga kalakal at serbisyo sa mga mamimili. Labis ang pagpapahalaga ng Komisyon sa pagtiyak ng pantay na pag-abot sa mga serbisyo nito ng lahat ng mga miyembro ng publiko, anuman ang kanilang pinagmulang lahi.

(A) Mga Reklamo mula sa Publiko

Mga Kaugnay na Serbisyo	Magbigay-daan sa publiko upang makapagreklamo upang matukoy ng komisyon ang mga posibleng paglabag sa Ordinansa.
Mga Umiiral na Panukala	Ang sinumang tao na nais gumawa ng reklamo ay maaaring makipag-ugnayan sa Komisyon sa pamamagitan ng telepono / sulat / email / online na reklamo / sa personal (sa pamamagitan lamang ng pagtatakda ng oras). Ang Tsino at / o Ingles ay maaaring gamitin sa mga paraan sa itaas. Ang mga serbisyo sa wika ay isasaayos kung saan kinakailangan at angkop.

Pagtatasasa ng Gawain sa Hinaharap	Panapanahong Susuriin ng Komisyon ang mga hakbang sa itaas upang matugunan ang mga pangangailangan ng publiko.
Mga Ginawang Karagdagang Panukala/ Gagawin	Kokolektahin ng Komisyon ang mga impormasyong ukol sa "pangangailangan para sa serbisyong interpretasyon / pagsasalin" at "piniling wika" ng mga tagagamit ng serbisyo na nangangailangan ng mga serbisyo ng interpretasyon / pagsasalin upang masuri ang epekto ng aming mga patakaran at hakbang sa pagkakapantay-pantay ng lahi, at upang maipagpatuloy ang pagpapabuti ng serbisyong ipinagkaloob.

(B) <u>Pagtataguyod ng Ordinansa sa Kompetisyon</u>

Hinggil sa mga Serbisyo	Upang maisakatuparan ang mga kampanya sa edukasyon sa publiko at iba pang mga inisyatibo upang maitaguyod ang pang-unawa ng publiko tungkol sa halaga ng kumpetisyon at kung paano itinataguyod ng Ordinansa ang kompetisyon.
Mga Umiiral na Panukala	Ang mga kagamitang pang-edukasyon (tulad ng mga video, miklat, polyeto at patnubay) at impormasyon ng mga kampanya ay ibinibigay sa Tsino at Ingles Ang mga seminar at pagpupulong sa Ordinansa ay isinaayos sa Kantones at Ingles. Ang serbisyong magkakasabay na interpretasyon ay isasaayos kung kinakailangan at naaangkop. Ang impormasyon tulad ng batas at gabay, konsultasyon at mga rehistro ng publiko, atbp ay magagamit sa Tsino at Ingles sa website ng Komisyon.

Pagtatasa sa Hinaharap na Gawain	Regular na susuriin ng Komisyon ang mga hakbang sa itaas at paghuhusayan ang mga ito kung kinakailangan.

(C) Pagsasanay ng mga Kawani

Hinggil sa mga Serbisyo	Ang Komisyon ay nagbibigay ng pagsasanay sa mga miyembro ng kawani upang mapadali ang pagsasagawa ng mga tungkulin ayon sa batas nito.
Mga Umiiral na Panukala	Ang mga kawani ay bibigyan ng pagsasanay at ang mga alerto sa email ay ipakakalat upang mapahusay ang kanilang kamalayan at pagiging sensitibo sa mga isyu na may kinalaman sa lahi sa lugar na pinagtatrabahuhan. Ang mga nauukol na alituntunin at impormasyon ay sentralisado sa Intranet para sa kanilang madaling sanggunian.
Pagtatasa sa Hinaharap na Gawain	Ang programa sa pagsasanay ay regular na susuriin ng Komisyon upang masakop ang mga isyu laban sa diskriminasyon at isyu hinggil sa pagkakapantay-pantay ng lahi sa lugar ng trabaho. Ang mga miyembro ng kawani ay minumungkahing dumalo sa pagsasanay sa pagkakaiba-iba at pagkakapantay-pantay upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa pagkakapantay-pantay ng lahi sa lugar na pinagtatrabahuhan.
Mga Ginawang Karagdagang Panukala/ Gagawin	Kung kinakailangan, ang Komisyon ay makikipag ugnayan sa Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad (Equal Opportunities Commission) o sa iba't ibang organisasyon sa labas ng pamahalaan upang humingi ng tulong sa pagbibigay ng pasadyang pagsasanay para sa lahat ng miyembro ng kawani, upang mapatibay ang

kanilang pag-unawa sa mga isyu hinggil sa diskriminasyon sa lahi sa lugar ng trabaho.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa Opisyal ng Pamamahala sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

Telepono:	3462 2118
Fax:	2522 4997
Email:	enquiry@compcomm.hk
Adres sa Koreo:	19/F, South Island Place, 8 Wong Chuk Hang Road, Wong Chuk Hang, Hong Kong

Komisyon ng Kompetisyon (Competition Commission)
Mayo 2026